


Mathematics

Quarter 1–Module 19: Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers



Mathematics – Grade 2
Alternative Delivery Mode

Quarter 1–Module 19: Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of
Whole Numbers

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumuo sa Pagsulat ng Modyul

Manunulat/Tagalapat: Rowena B. Calonzo

Editor: Perlita G. Pagdanganan, Marie Ann C. Ligsay

Tagasuri: Agnes R. Bernardo, Nestor P. Nuesca

Tagaguhit: Rafael E. Martinez, Romarico C. Sarondo

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas,
Nestor P. Nuesca, Gregorio C. Quinto, Jr., Rainelda M. Blanco,
Agnes R. Bernardo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran Edukasyon- Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Mathematics

Quarter 1–Module 19:

Solving Routine and Non-Routine
Problems Involving Addition of
Whole Numbers

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Mathematics Baitang 2.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. makapagsosolve ng routine at non-routine problems kasama ang addition ng whole numbers kabilang ang pera na may kabuuang bilang hanggang 1000 gamit ang nararapat na problem solving strategies and tools (M2NS-Ij-29.2)



Subukin

Basahing mabuti ang sitwasyon.

Sina Claire, Mark, at Sophia ay mahilig mag-ipon ng pera. May natirang Php 38.00 si Claire sa kaniyang baon ngayong araw na ito. Si Mark naman ay may natirang Php 23.00 mula sa kaniyang baon. Kung sina Claire at Sophia ay may magkaparehong halaga ng natira, magkano lahat ang perang natira ng tatlong bata?

Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang hinahanap?
 - A. halaga ng perang natira ng tatlong bata.
 - B. halaga ng pera ni Sophia.
 - C. halaga ng pera nina Claire at Mark.

2. Anu-ano ang mga given?
 - A. Php 38.00 at Php 23.00
 - B. Php 38.00, Php 23.00, at Php 23.00
 - C. Php 38.00, Php 23.00, at Php 38.00

3. Ano ang word clue? Operasyon?
 - A. magkano, addition
 - B. lahat, addition
 - C. pera, addition

4. Ano ang number sentence?
 - A. $\text{Php } 38.00 + \text{Php } 23.00 = N$
 - B. $\text{Php } 38.00 + \text{Php } 23.00 + \text{Php } 23.00 = N$
 - C. $\text{Php } 38.00 + \text{Php } 23.00 + \text{Php } 38.00 = N$

5. Ano ang kumpletong sagot?
 - A. Php 61.00 ang natirang pera ng tatlong bata.
 - B. Php 84.00 ang natirang pera ng tatlong bata.
 - C. Php 99.00 ang natirang pera ng tatlong bata.

Aralin

1

Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers



Balikan

Pagsamahin ang mga bilang. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. $350 + 410 = \underline{\hspace{2cm}}$

2. $160 + 840 = \underline{\hspace{2cm}}$

3. $330 + 210 = \underline{\hspace{2cm}}$

4. $240 + 185 = \underline{\hspace{2cm}}$

5. $510 + 130 = \underline{\hspace{2cm}}$



Tuklasin

Awitin ang kantang “Word Problem” sa himig na Twinkle Twinkle Little Star.

Word Problem

ni: Rowena B. Calonzo

Halina at tuklasin,
Word problem ay lutasin,
Limang hakbang ang nandiyan,
Upang ito'y masagutan;
Halina at tuklasin,
Word problem ay lutasin.



Suriin

Nagustuhan mo ba ang iyong inawit?

Halika at tuklasin ang 5 hakbang sa paglutas ng word problem.

Ang Paaralang Elementarya ng Hangga ay magdaraos ng isang maikling programa para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Lahat ng mga mag-aaral ay inaasahang dadalo sa pagdiriwang. Kung ang paaralan ng Hangga ay may bilang na 575 na batang babae at 478 na lalaki, ilan lahat ang bilang ng mag-aaral?

Anu-anong hakbang ang ating ginagamit sa pagsagot sa word problem?

May 5 hakbang sa paglutas ng word problem:

1. Ano ang hinahanap?

Isinasaad dito ang tanong o problema na kailangan ng solusyon.

Hinahanap sa word problem ang bilang ng lahat ng mag-aaral na dadalo sa pagdiriwang.

2. Anu-ano ang mga given?

Inilalagay dito ang mga bilang na nabanggit sa word problem.

Bilang ng batang babae = 575
Bilang ng batang lalaki = 478

3. Ano ang *word clue*? Operasyon?


Ang word clue ang magbibigay ng ideya kung anong operasyon ang gagamitin upang masolusyunan ang problema.

Ang operasyon naman ay maaaring *addition*, *subtraction*, *multiplication*, at *division*.

Ang word clue na ginamit ay lahat, ang operasyon na gagamitin ay addition.

4. Ano ang *number sentence*?


Ang number sentence o mathematical sentence ay nagpapakita kung paano makukuha ang sagot sa problem.



5. Ano ang kumpletong sagot?

Ang kumpletong sagot ay pangungusap na sumasagot sa ano ang hinahanap.

Ang bilang ng lahat ng mag-aaral na dadalo sa pagdiriwang ay 1053.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan

Namitas si Zyrille ng 35 na kamatis. Nakapitas din si Kat-Kat ng 2 kamatis. Ilan lahat ng kamatis ang napitas nila?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Unawaing mabuti ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa papel.

Si Nenita ay may 12 pulang rosas at 13 puting rosas. Ilan lahat ang rosas ni Nenita?

1. Ano ang hinahanap?
2. Ano- ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Basahing mabuti ang sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod sa iyong sagutang papel.

Kumita si Mang Nestor ng Php 485 noong isang araw sa pamamasada ng traysikel. Kahapon ay kumita naman siya ng Php 435. Kung kikita si Mang Nestor ngayon ng kagaya ng kita niya kahapon, magkano lahat ang kinita ni Mang Nestor sa loob ng tatlong araw?

1. Ano ang hinahanap?
2. Ano- ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa papel.

Nakakuha ng mataas na marka si Weng sa kanilang pagsusulit sa araw na ito. Narito ng talaan ng kaniyang mga nakuha.

English	29/30
Mathematics	30/30
Filipino	28/30
EsP	29/30
MTB	29/30
Araling Panlipunan	27/30
MAPEH	28/30

___ 1. Sa anong asignatura nakakuha ng pinakamataas na marka si Weng?

- A. English B. EsP C. Mathematics

___ 2. Ano ang kaniyang nakuhang marka sa MAPEH?

- A. 28 B. 29 C. 30

___ 3. Kung pagsasamahin ang kaniyang marka sa English at Araling Panlipunan, ilan ang kaniyang marka?

- A. 55 B. 56 C. 57

___ 4. Ilan lahat ang kaniyang nakuhang marka sa pitong asignatura?

- A. 200 B. 204 C. 208

___ 5. Anong operasyon ang iyong ginamit upang makuha ang kabuuang marka ni Weng sa pagsusulit?

- A. Addition B. Multiplication C. Subtraction

Malayang Pagsasanay 1

Gamit ang lahat ng hakbang na natutuhan, lutasin ang word problem na ito.

Bumili ang nanay ng 1 kilong baboy sa halagang Php120 at 1 kilong manok sa halagang Php120. Magkano lahat ang nabili ni nanay?



1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Malayang Pagtatasa 1

Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan sa iyong sagutang papel.

Dahil sinalanta ng bagyo at baha ang kaniyang nasasakupang barangay, ang masipag na si Kap. Mercado ay nag-abot ng tulong sa mga residente. Sa unang araw ng pamamahagi ay namigay siya ng limang daan at dalawampu't limang supot na may lamang relief goods at sa ikalawang araw naman ay dalawang daan at apatnapu. Ilan ang kabuuang bilang ng supot ng relief goods ang kaniyang naipamahagi?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Malayang Pagsasanay 2

Basahing mabuti ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat sa papel ang iyong sagot.

Kaarawan ni Angel kaya bilang regalo binigyan siya ng kanyang mommy ng isang libong piso para mabili ang kanyang mga gusto. Nagpunta siya sa Robinson's Mall at bumili ng sapatos na nagkakahalaga ng Php 575 at isang bag na nagkakahalaga ng Php 350. Magkano ang lahat ng kaniyang napamili?

1. Sino ang may kaarawan?
2. Sino ang nagbigay ng regalo?
3. Saan bumili ng regalo para sa may kaarawan?
4. Anu-ano ang nabili ni Angel mula sa perang ibinigay ng kaniyang mommy?

Malayang Pagtatasa 2

Sagutin ang mga sumusunod na tanong base sa binasang sitwasyon sa itaas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?



Isaisip

Lagyan ng tsek (✓) ang iyong papel kung ito ay isa sa mga hakbang sa paglutas ng word problem. Lagyan ng ekis (x) kung hindi.

- ___ 1. Alamin ang hinahanap.
- ___ 2. Balewalain ang mga bigay na datos o given numbers.
- ___ 3. Operasyon na gagamitin sa paglutas ng problema.
- ___ 4. Isulat ang number sentence.
- ___ 5. Ibigay ang kumpletong sagot.



Isagawa

Lutasin:

Gumawa ang tatay ng 13 maliliit na silya at 26 na malalaking silya. Ilan lahat ang ginawang silya ng tatay?



Gamitin ang 5 hakbang na natutunan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?



Tayahin

Pag-isipang mabuti, sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa iyong sagutang papel.

Tuwing araw ng Sabado at Linggo ay may dalawampu't limang boluntaryong tagapaglinis ang nagtutulong-tulong upang maging maayos, malinis, maaliwalas at iwas sa sakit ang mga residente ng Barangay Abulalas. Kung ngayong Linggo ay may labinlimang boluntaryo pa ang tumulong sa paglilinis, ilan ang kabuuang bilang ng naglinis sa loob ng dalawang araw?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?



Karagdagang Gawain

Gamitin ang 5 hakbang na natutunan. Sagutin ang mga sumusunod sa iyong sagutang papel.

Ang mga miyembro ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Abulalas ay nagpintura ng mga poste sa barangay na kanilang nasasakupan bilang bahagi ng kanilang proyekto para sa pagpapaganda ng kapaligiran. Dahil sila ay tulong-tulong kung kaya't umaga pa lamang ay umabot na sa animnapu't dalawa ang kanilang napinturahan at pagdating ng hapon ay napinturahan agad nila ang tatlumpu't pitong poste. May natitira pang dalawampung poste ang hindi napinturahan. Ilan ang kabuuang bilang ng mga poste na napinturahan sa barangay sa buong maghapon? Ilan lahat ang posteng kailangang pinturahan ng miyembro ng SK?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. bilang ng naglilis sa loob ng 2 araw 2. Sabado=25 Lingo = 25 Dagdag na naglilis ng Lingo = 15 3. kabuuang bilang addition 4. $25+25+15=N$ 5. 65 na tao ang naglilis sa loob ng dalawang araw</p>	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>1. bilang nang nagpinturahang poste sa maghapon bilang ng posteng dapat pinturahan ng miyembro ng SK. 2. napinturahan sa umaga= 62 Napinturahan sa hapon= 37 Hindi pa napipinturahan = 20 3. kabuuang bilang, lahat, addition 4. $62 + 37 = N$, $62 + 37 + 20=N$ 5. 99 ang bilang ng poste na napinturahan sa loob ng maghapon 119 ang bilang ng lahat ng poste na dapat pinturahan ng miyembro ng SK.</p>	
<p>Malayang Pagtatasa 2</p> <p>1. halaga ng nabili ni Angel 2. Php 575 at Php 350 3. lahat, addition 4. $575 + 350 = N$ 5. Php 925 ang nabili ni Angel.</p>	<p>Isaisip</p> <p>1. / 2. X 3. / 4. / 5. /</p>	<p>Isagawa</p> <p>1. bilang ng silya na nagawa ni tatay 2. maliit na silya = 13 Malaking silya=26 3. lahat, addition 4. $13+26 = N$ 5. 39 na silya ang nagawa ni tatay</p>
<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <p>1. halaga nang nabili ni nanay 2. halaga ng manok= Php 120 Halaga ng baboy = Php 120 3. lahat, addition 4. $120 + 120 = N$ 5. Php 240 ang halaga ng nabili ni nanay.</p>	<p>Malayang Pagtatasa 1</p> <p>1. bilang ng supot ng relief goods na naipamigay 2. unang araw=525 Ikalawang araw=240 3. kabuuang bilang, addition 4. $525+240=N$ 5. 765 na supot ang naipamigay.</p>	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <p>1. si Angel 2. ang kaniyang mommy 3. sa Robinson's Mall 4. sapatos at bag</p>
<p>Pinatnubayang Pagtatasa 1</p> <p>1. bilang ng rosas ni Nenita 2. puting rosas=13 Pulang rosas=12 3. lahat, addition 4. $12 + 13 = N$ 5. 25 ang bilang ng rosas ni Nenita.</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 2</p> <p>1. natirang pera ni Mang Nestor 2. Php 485, Php 435, at Php 150 3. natirang pera Addition at subtraction 4. $485 + 435 = N$, $(485+435) - 150 = N$ 5. Ang natirang pera ni Mang Nestor ay Php 770.</p>	<p>Pinatnubaya ng Pagtatasa 2</p> <p>1. C 2. 3. B 4. A 5. A</p>
<p>Subukin</p> <p>1. A 2. C 3. B 4. C 5. C</p>	<p>Balikan</p> <p>1. 760 2. 1000 3. 540 4. 425 5. 640</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <p>1. bilang ng kamatis na napitas 2. $Zyrlle=35$ Kat-Kat = 2 3. lahat, addition 4. $35 + 2 = N$ 5. Ang bilang ng kamatis na napitas ay 37.</p>

Sanggunian

Catud, Herminio Jose, Shierley Ferera, Danilo Padilla, and Rogelio Candido. 2013. "*K To 12 Grade 2 Learning Material in Mathematics*". Accessed April 4, 2020. *Slideshare.Net*.<https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mathematics>.

LR Portal. Accessed April 4, 2020. *Deped LR Portal*.
<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5455>.

Swinson, Tiara. 2018. "How To Solve Word Problems". *Mathgenie.Com*.<https://www.mathgenie.com/blog/how-to-solve-word-problems>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph